Republic of the Philippines
Department of Education
Region V (Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes

Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
SEP 21 2016
8:40 A.M.

September 20, 2016

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 97, s. 2016

**PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

Sa mga: Punong Tagamasid
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Pinuno ng Paaralang Pampubliko at Pribado

1. Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon Blg. 107 s. 2016, re: Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!, ang DepEd, Catanduanes ay magsasagawa ng Pansangay na Paligsahan sa Oktubre 20, 2016, 1:00 ng hapon sa Schools Division Office Conference Hall A.

2. Layunin ng paligsahan na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 6, antas at kalidad ng wikang Filipino para sa wastong ispeling ng mga salita gamit ang bagong ortog-rapiyang pambansa 2013.

3. Ang paligsahan ay bukas para sa mga mag-aaral sa Baitang 6, antas elementarya ng mga paaralang publiko at pribado.

4. Ang paligsahan ay dadaluhan ng mga koordineytor sa Filipino, mga tagapagsanay at mga mag-aaral na kalahok sa paligsahan.

5. Ang pamasahe at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa paligsahan ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE o iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pag pagsusuma at pagsusuri.

6. Kalakip nito ang Pamantayan ng Paligsahan para sa inyong patnubay at paglahok.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

By authority of the SDS:

**BERNIE DESPABILADERO**
Kawaksing Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PALIGSAHAN
FILIPINO
KURIKULUM
GURO
MAG-AARAL

cid/zape/gt

*PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!*

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa ikaanim na baitang (Grade 6) sa antas elementarya ng mga paaralang publiko at pribado.

2. Ang nanalo ng unang pwesto sa pandistritong paligsahan ang kakatawan sa pansangay na paligsahan. Isang kalahok lamang ang pahihintulutang lumahok.

3. Ang mag-aaral na kalahok sa paligsahan kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at maong na pants sa araw ng paligsahan, Oktubre 20, 2016.

4. Ang bawat distrito ay maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan (5 aytem na Madali, 5 aytem na Katamtaman, 5 aytem na Mahirap) at isusumite isang oras bago ang takdang oras ng paligsahan, hindi na tatanggapin ang lampas sa itinakdang oras. Ang mga salita ay nakapaloob sa pangungusap at kinakailangan na sa wastong sagot sa sa bawat aytem ay nakasaad ang pinagbatayang tuntunin na ayon sa 2013 Ortog-rapiyang Pambansa.

5. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang baybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang sumulat na mga kalahok.

6. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Madali | 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos |
| Katamtaman | 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos |
| Mahirap | 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos |

7. Ang mag-aaral ay bibigyan ng segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.

8. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos, ang siyang tatanghaling Pansangay na Kampeon na kakatawan sa Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling sa Nobyembre 4, 2016, 1:00 ng hapon sa LCC Mall, Activity Center, Lungsod ng Legazpi.

9. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang mga salita/tanong na magiging klintser. Ang pag break ng tie ay isasagawa batay sa sumusunod:

   a. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalaban ng may patas na puntos. Ang mag-aaral na makakuha ng mas mataas na puntos ang siyang panalo.
   b. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos, magkaroon ng *knock-out round.*

10. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.